



ISLAM:  
USAPANG  
KATOTOHANAN  
(IUR)

# **Diyos:** **al-Awwal, al-Akhir** **Ang Una at Ang Huli**





ISLAM:  
USAPANG  
KATOTOHANAN  
(IUK)

## **(Diyos: al-Awwal, al-Akhir (Ang Una at Ang Huli))**

**Ang Diyos ay nagsabi:**

“Siya ang Una at ang Huli, ang Hayag at ang Nakatago, at Siya ang Ganap na Nakakaalam ng lahat ng bagay.” (Quran 57:3)

Ang Diyos ay nauuna sa lahat ng bagay; wala Siyang simula. Siya ay mananatili magpakailanman pagkatapos ng lahat ng bagay nang hindi kailanman nagtatapos.

Sinabi ng Propeta Muhammad, nawa’y sumakanya ang awa at

**pagpapala ng Diyos, sa Kanyang panalangin:**

“Ikaw ang Una, kaya wala nang nauna sa Iyo.

Ikaw ang Huli, kaya wala nang susunod sa Iyo.

Ikaw ang Hayag, kaya walang mas mataas sa Iyo.

Ikaw ang Nakatago, kaya walang mas mababa sa Iyo.

Bayaran Mo ang aming mga utang at pagyamanin Mo kami upang hindi kami maging mahirap.” (Saheeh Muslim)



ISLAM:  
USAPANG  
KATOTOHANAN  
(IUK)

## Ang Diyos ay nagsabi:

“Sabihin: Siya ang Diyos, ang Nag-iisa. Ang Diyos, ang Walang-Pangangailangan. Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak, at walang anumang tulad Niya.” (Quran 112:1-4)

“Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak” ay nagpapahayag ng isang pangunahing aspeto ng pagiging perpekto ng Diyos. Sa ating limitadong karanasan bilang tao, lahat ng bagay ay may simula at wakas. Tayong lahat ay isinilang at kalaunan ay mamamatay.

Ganoon din ang ating mga magulang, ninuno, mga anak, at mga apo. Ang ganitong ugnayan ay umiiral sa buong nilikha.

## Dahil dito, sinabi ng Diyos:

“Ang Diyos, ang Walang-Pangangailangan. Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak” at kaagad itong sinundan ng:

“At walang anumang tulad Niya.”

Hindi natin maaaring ihambing ang Diyos sa anuman sa ating karanasan. Gayundin, iniutos ng Diyos sa atin:

“Huwag kayong magbigay ng anumang pagkakatulad sa Diyos.” (Quran 16:74)

Ito ang dapat na pananampalataya natin sa Diyos.



ISLAM:  
USAPANG  
KATOTOHANAN  
(IUK)

## Ang Diyos ay ang Una at ang Huli

Ang Diyos ay ang Una na walang nauna sa Kanya. Bagaman hindi kayang lubusang unawain ng ating imahinasyon ang ideya ng isang bagay na walang nauna rito, madali itong matanggap ng ating puso at isipan.

Gayundin, ang Diyos ay ang Huli na walang katapusan. Dahil dito,

**Siya ang tunay na Tagapagmana:**

“At alalahanin mo si Zakariya, nang siya ay nanalangin sa kanyang Panginoon: ‘O aking Panginoon! Huwag Mo akong iwanang walang anak, bagaman Ikaw ang Pinakamahusay na Tagapagmana.’”

(Quran 21:89)

Ang Diyos ay walang hanggan, walang simula at walang katapusan. Sa kabilang banda, ang lahat ng nilikha ay may simula at wakas.

**Sinabi ng Diyos tungkol sa Araw:**

“At ang Araw ay tumatakbo sa isang itinakdang landas.”

(Quran 36:38)

Ang Araw at iba pang mga bituin ay mas matanda kaysa sa mga buhay na nilalang sa mundo. Ngunit tulad ng panandaliang buhay ng mga nilalang sa lupa, ang mga bituin ay ipinanganak at sila rin ay mamamatay. Lahat ng bagay sa sansinukob ay may katapusan.



ISLAM:  
USAPANG  
KATOTOHANAN  
(IUK)

Ang Diyos ay hindi maaaring unawain batay sa pisikal na pag-iral. Hindi Siya saklaw ng mga batas ng pisika na mismong bahagi lamang ng Kanyang nilikha.

Hindi kataka-taka na ang isipan ng tao ay hindi kayang lubusang unawain ang Maylalang, sapagkat ang ating isipan mismo ay nilikha at may limitasyon.

Ang pagsisikap na ipaliwanag ang higit sakakayahan ng ating pag-iisip ay hahantong lamang sa pagkalito at panlilinlang sa sarili. Sa halip, dapat nating gamitin ang ating talino sa mga bagay na kayang maabot ng ating pang-unawa—tulad ng pag-aaral sa sansinukob na nilikha ng Diyos at sa malawak na kaalamang inihayag Niya sa atin.

Binigyan tayo ng Diyos ng kakayahang matuklasan ang mga batas ng kalikasan, at maaari nating gamitin ang kaalamang ito upang mapabuti ang sangkatauhan sa mga paraan na kalugud-lugod sa Kanya.



ISLAM:  
USAPANG  
KATOTOHANAN  
(IUK)

## Mga Pakinabang ng Pag-alam sa Mga Pangalan ng Diyos

Sa pag-alam na ang Diyos ay ang Una at ang Huli, napagtatanto natin na ang pinakamagandang bagay na maaari nating ipunin para sa ating sarili sa mundong ito at sa kabilang buhay ay ang mga bagay na nakalulugod sa Diyos. Ang ating ginagawa alang-alang sa Diyos ang siyang magtatagal.

Ang Diyos ay nagsabi:

“Lahat ng nasa mundo ay lilipas, At tanging ang mukha ng iyong Panginoon, ang Panginoon ng Kagandahang-loob at Karangalan, ang mananatili.” (Quran 55:26-27)

Ang mundong ito ay magwawakas. Gayunpaman, babalik tayo sa ating Panginoon, at ang ating mga gawa sa buhay na ito na ginawa natin upang hanapin ang Kanyang kasiyahan ay magiging kapaki-pakinabang sa atin sa panahong iyon. Ito ang isa sa mga

**punto ng talata na nagsasabi:**

“At tanging ang mukha ng iyong Panginoon, ang Panginoon ng Kagandahang-loob at Karangalan, ang mananatili.”

Ang ating mga salita at gawa na ginantimpalaan ng Diyos, sa Kanyang walang hanggang kagandahang-loob, ay mananatili sa atin kapag ang lahat ng iba pa ay naglaho na.



ISLAM:  
USAPANG  
KATOTOHANAN  
(UISAP)

Dapat nating sikaping panatilihing nasa unahan ng ating isipan ang kasiyahan ng Diyos at maging mulat sa Kabilang Buhay habang ginugugol natin ang ating pang-araw-araw na buhay. Hindi natin dapat habulin lamang ang materyal na yaman, kundi gawing pangunahing layunin ang Kabilang Buhay.

**Sinabi ng Diyos:**

“Subalit mas pinili nila ang buhay sa mundong ito, samantalang ang Kabilang Buhay ay mas mabuti at mas pangmatagalan.”

(Quran 87:16-17)

## **Ang Paghahanda para sa Walang Hanggang Buhay**

Ang Paghahanda para sa Walang Hanggang Buhay

Ang kaalaman na ang Diyos ay ang Una at ang Huli ay tumutulong din sa atin na harapin ang ating sariling kamatayan, pati na rin ang katotohanang ang bawat yugto ng ating buhay ay darating sa wakas.

Tayo ay nagtatamasa ng panahon ng kabataan. Kung hindi tayo mamamatay sa ating kabataan, tiyak na mawawala ang ating kasiglahan. Tatanda tayo, at pagkatapos ay mamamatay.

Walang sinuman ang makatatakas sa kamatayan.